

# ***Mga Tula: Bugso't Bugwak ng Bugtong na Anak ng Makata***

E. San Juan, Jr.

## ***Laro ng Palaisipan***

---

May puno walang bunga, may dahon walang sanga  
Halamang di nalalanta, kahit natabas na

Tinaga ko sa gubat, sa bahay umiyak  
Kung kalian ko pinatay, saka nagtagal ang buhay

Hayaan ang Prinsesa, nakaupo sa tasa  
Isang butil ang uhay, sakop ang buong bahay

Tinaga ko muli sa puno, sa dulo pa rin nagdurugo

Nakatalikod ang Prinsesa, ang mukha'y nakaharap pa  
Kung ako'y titigan, pagtingin sa aki'y di ko masulyapan

Sa buhatan ay may silbi, sa igiban ay walang sinabi

Yumuko man ang Prinsesa, di nalaglag ang korona  
Kay lapit na sa mata, di ko pa rin makita

Heto si Kaka, bubuka-buka

## ***Kabalintunaan***

---

Ang apat kong irog, saanman paroo'y kasunod-sunod  
Mapatubig ay di nalulunod, mapaapoy ay di nasusunog

Sa araw ay nahihimbing, sa gabi ay gising

Bungbong kung maliwanag, kung gabi ay dagat  
Hanggang leeg kung mababaw, kung malalim hanggang baywang

Isang balong malalim, punong-puno ng patalim  
Itinanim sa kinagabihan, sa kinaumagahan ay inani

Malalim kung bawasan, mababaw kung dagdagan  
Buka kung hapon, kung umaga ay lulon

Pagsipot ng umaga, kulubot na ang balat

## ***Lakbayin ang Baybayin***

---

Bagama't di kaibigan, kasama mo kahit saan  
Lumuluhang walang mata, lumalakad walang paa

Dala niya ako, siya'y aking dala  
Nang maalala'y iniwan, nadala nang malimutan  
Ang paa'y apat-apat ngunit di makalakad

Hindi pari, hindi hari, nagdadamit ng sari-sari  
Dalawang batong itim, malayo ang nararating

Iisa ang pinasukan, tatlo ang nilabasan

Abot na ng kamay, ipinagawa pa ng tulay  
May bintana, walang bubong; may pinto walang hagdan  
Ang ibaba ay tawiran, ang ilalim ay lusutan

Kung saan masikip, doon nagpipilit  
Nang dumaan ang hari, nagkagatan ang mga pari

## ***Katumbalikan***

---

Baboy ko sa pulo, balahibo ay pako  
Malaking supot ni Mang Jakob, kung sisidlan ay pataob

Baboy ko sa kaingin, nataba'y walang pagkain  
Balahibong binalot ng balat, balahibong bumalot sa balat  
Habang kinakain, lalo kang gugutumin

Baka sa palupandan, unga'y unga'y nakarating kung saan

Hinila ko ang baging, nagsisigaw ang matsing

May hayop na maliit, dumudumi ng sinulid  
Dalawang bolang sinulid, abot hanggang langit

Munting hayop na pangahas, aaligid-aligid sa ningas  
Buto't balat na malapad, anong galing kung lumipad

Maliit pa si Kumare, malakas na kung humuni  
Sa isang kalabit, buhay ang kapalit

Hinila ko muli ang baging, sinong sumigaw at humatsing?